Ang Trust Fund ng Inyong Anak

Ang mga Kabayarang Igagawad sa mga Menor de edad na Malubhang Napinsala

PUBLIC GUARDIAN
AND TRUSTEE OF
BRITISH COLUMBIA

Ang Trust Fund ng Inyong Anak

Ang mga Kabayarang Igagawad sa mga Menor de edad na Malubhang Napinsala

Talaan ng mga Nilalaman

Pagbubuo ng Ugnayan sa Inyong PGT Guardianship & Trust Officer	3
Paggawa ng Isang Budget	3
Mga Espesyal na Kahilingan	4
Case Management o Pamamahala ng Kaso	4
Mga Pondong Ibabayad sa Magulang	5
Pag-invest ng Pondo ng Inyong Anak	5
Pagdadamay sa Pamilya	5
Mga Pag-uulat at Resulta ng Investment	6
Malakihang mga Pagbili – Bahay	6
Malakihang mga Pagbili – Mga Sasakyan	6
Pagsusuri ng mga Desisyon	7
Makipag-ugnayan sa Amin	Likod ng Pabalat

Pagbubuo ng Ugnayan sa Inyong PGT Guardianship & Trust Officer

Ang pangangasiwa ng trust fund o pondong ipinagkatiwala para sa mga bata at menor de edad na may napakalubhang pinsala ay pinapatnubayan ng parehong mga tuntunin na katulad ng ibang trusts. Gayunman, ayon sa layunin at halaga ng trust, ang pangangasiwa ng mga trusts na ito ay higit na kumplikado.

Ang isang Guardianship & Trust Officer (GTO) ay makikipag-appointment sa iyo pagkatapos na matanggap ng Public Guardian and Trustee (PGT) ang mga pondo ng settlement (pakikipag-ayos) sa ngalan ng iyong anak.

Bago makipag-usap sa iyo, susuriin uli ng iyong GTO ang ulat na ginawa ng PGT sa Korte Suprema ng British Columbia tungkol sa demanda ng iyong anak o ng menor de edad. Sa ulat na ito ay susumahin ang katotohanan o buod ng kaso, ang mga pinsalang natamo ng iyong anak o ng menor de edad, at ang mga halaga na ibinigay para sa sakit at pagdurusa, gastos sa pag-aalaga, pagkawala ng kita o pagkakataong kumita, at iba pang bagay. Maaari ring sakop ng ulat na ito ang rekomendasyon ng mga dalubhasa tulad ng halaga ng gastos sa pag-aalaga.

Sa iyong unang appointment, magkakaroon ka ng pagkakataon na makapagsimula ng isang mahusay na relasyon sa pakikipagtrabaho sa iyong GTO. Sa puntong iyon, ikaw ay malamang na mayroon ng mga desisyon tungkol sa kung ano ang suporta at serbisyo na handang gawin ng iyong pamilya, at kung ano ang serbisyong kinakailangang ibigay ng mga propesyonal. Kailangan mong kausapin ang iyong GTO tungkol sa mga desisyong ito, at makipag-usap din sa kanya ukol sa mga layunin na itinakda para sa iyong anak o menor de edad.

Ang iyong GTO ay may tungkulin para sa maayos na pamamahala ng trust account ng iyong anak o ng menor de edad hanggang ang iyong anak o menor de edad ay sumapit sa edad na 19. Ito ay nangangailangan ng paghahanda ng isang taunang budget at pangmatagalang pinansyal na plano. Isinasaalang-alang ng GTO na ang mga investment o pamumuhunan ay mas kapaki-pakinabang sa iyong anak o sa menor de edad, at pinatatakbo patungo sa pagbalanse ng pangangailangang kumita ng interes sa investment at sa pangangailangang gumastos ng pera para sa rehabilitasyon at ikabubuti ng iyong anak o ng menor de edad

Ikaw at ang GTO ng iyong anak o ng menor de edad ay magtutulungan na magdibelop ng budget. Gagawa kayo ng mga desisyon na magkasama upang matiyak na ang budget na ginawa ay naaakma sa kasalukuyan at sa hinaharap na mga pangangailangan ng iyong anak o ng menor de edad at angkop din sa ibinigay na halaga sa settlement o iginawad ng hukuman.

Paggawa ng Isang Budget

Kapag gumagawa ng budget, mahalaga na isaalang-alang kung paano tinitingnan ng hukuman ang paggastos ng mga nalikom na bayad mula sa kaso. Sa layuning ito, sinusuri ng GTO ang mga sumusunod:

- mga ulat ng gastos sa pag-aalaga
- mga dahilan para sa paghatol ng hukuman (kung mayroon)
- rekomendasyon ng PGT sa hukuman (kung mayroon)
- anumang mga ulat mula sa isang external case manager
- pinansyal na projection para sa trust

Alam ng GTO mo mula sa karanasan ng ibang pamilya na lubos na mahirap na kayanin ang lahat ng mga pagbabagong nagaganap kapag ang isang bata o menor de edad ay napakalubhang napinsala. Ang aming layunin ay upang matulungan kang makuha ang suportang kinakailangan mo upang ganap na masiyahan sa buhay ang iyong anak o menor de edad, gayundin ang kanyang relasyon sa pamilya at mga kaibigan.

Ang mga paksa na maaari mong talakayin sa GTO ng iyong anak o ng menor de edad ay ang mga sumusunod:

- ang kasalukuyan at hinaharap na mga kakailanganin sa pag-aalaga ng iyong anak o menor de edad, kabilang ang kinakailangang mga kagamitan, therapy at iba pang mga suporta
- kung paano matutugunan ang mga espesyal na pangangailangan sa paninirahan o accommodation ng iyong anak o menor de edad
- ang kasalukuyang antas ng pag-aalaga at suportang naibibigay ng iyong pamilya
- mga sirkumstansya ng iyong pamilya, mga pangangailangan at inaasahan
- mga impormasyon na nakasaad sa mga ulat ng pag-aalaga
- kung mayroong pangangailangan para sa isang propesyonal na case manager
- ang iyong pangangailangan para makapagpahinga
- ang layunin ng mga pondo tulad ng inilarawang mga dahilan sa paghatol o dokumentasyon ng settlement
- mga resources na magagamit sa komunidad
- ang halaga ng pondo na nasa trust
- pinansyal na projection para sa trust
- pagpipilian na mga investment
- mga kinakailangan sa pag-uulat ng buwis

Pagkatapos ng pakikipagpulong sa iyo, ang GTO mo ay maghahanda ng isang burador o draft na budget para iyong isaalang-alang. Tutukuyin sa budget ang mga sumusunod:

- ano ang mga gastos na sakop ng trust ng iyong anak o ng menor de edad
- ang inaasahang mga petsa na mabayaran ang pondo mula sa trust
- kung sino ang tatanggap ng kabayaran
- ano ang mga inaasahang sakop ng kabayaran
- iba pang mga pinagkukunan ng pondo upang suportahan ang iyong anak o menor de edad, at
- mga bayarin (fees) sa PGT at mga komisyon

Ang budget na inaprubahan mo at ng GTO ay magiging patnubay para sa pamamahala ng trust fund ng iyong anak o ng menor de edad. Ito ay dapat na nirerepaso bawa't taon at maaari din itong baguhin. Kung sa anumang oras sa tingin mo na ito'y hindi sapat na natutugunan ang mga pangangailangan ng iyong anak o ng menor de edad, dapat mong hilingin sa iyong GTO ang pagrepaso nito.

Mga Espesyal na Kahilingan

Minsan ang mga pamilya ay may dahilan na humiling ng pondo mula sa trust na hindi kasama sa budget. Kausapin ang iyong GTO para sa mga kahilingang iyon. Isinasaalang-alang ng iyong GTO kung kakayanin ng trust ng iyong anak o ng menor de edad ang paggasta, o kung ito ay para sa layuning kinikilala ng hukuman, at kapaki-pakinabang sa iyong anak o menor de edad. Matapos na suriin ang iyong kahilingan ay gagawa ng isang desisyon.

Case Management o Pamamahala ng Kaso

Ang iyong anak o menor de edad ay maaaring maraming kakailanganin sa pag-aalaga. Habang ang ilan sa mga magulang ang siyang nangangasiwa sa pag-aalaga ng kanilang anak o menor de edad, may mga kalagayan kung saan maaaring kinakailangan ng isang propesyonal na case manager.

Ang case manager ang nagtatasa ng mga kinakailangang serbisyo, nagkokoordina, nag-aayos at kung minsan ay nagbibigay ng mga serbisyong kinakailangan ng iyong anak o ng menor de edad tulad ng tutoring o pagtuturo, physiotherapy, mga pagsasanay sa pamumuhay, atbp. Maaaring kinakailangan lamang ang isang case manager sa loob ng

maikling panahon o maaaring patuloy na kailanganin ang tulong nito, depende sa mga pangangailangan ng iyong anak o ng menor de edad at sa enerhiya, kasanayan at/o kadalubhasaan ng mga magulang.

Ang pangangailangan para sa isang propesyonal na case manager ay isang isyu na maaari mong kausapin ang iyong GTO.

Kung wala ka pang karanasan tungkol sa mga propesyonal na case manager, maaaring magbigay ang iyong GTO ng impormasyon sa kung paano makukuha ang mga serbisyong ito. Kung ginagamit mo na ang mga serbisyo ng isang propesyonal na case manager, dapat mo itong ipaalam sa GTO mo.

Mga Pondong Ibabayad sa Magulang

Ang ilan sa mga magulang ay nagagawang akuin ang responsibilidad para sa pag-aalaga ng kanilang anak o ng menor de edad na maaaring tinutugunan ng ibang tao (tulad ng physiotherapy).

Kapag may sapat na pondo sa trust, isasaalang-alang ng PGT na bayaran ang mga magulang para sa pag-aalaga at sa mga hindi karaniwang tungkulin ng mga magulang.

Ang antas ng pagbabayad ay batay sa kakayanan ng trust at sa uri ng pag-aalagang ibinibigay ng mga magulang.

Pagi-invest ng Pondo ng Inyong Anak

Depende sa halaga ng pondong natanggap ng iyong anak o ng menor de edad at mga pangangailangan ng iyong anak o ng menor de edad, makikipagtulungan ang GTO sa iyo upang matiyak na mai-invest ang mga pondo ng iyong anak o ng menor de edad sa pinakaangkop na paraan.

Maaaring magrekomenda ang PGT ng isang propesyonal na external investment manager para sa mga malalaking trust, karaniwang mahigit sa $500,000, matapos ang isang proseso ng pagsusuri na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Pagrepaso ng anumang natatanging sirkumstansya sa investment ng iyong anak o ng menor de edad, tulad ng mga kinakailangang pag-aalaga na resulta ng pinsala, o kabayaran para sa mga nawalang kita.

2. Pagdibelop ng isang Statement Investment Policy na nagtatakda ng mga layunin at naglalarawan ng mga tuntunin ng pamumuhunan o investment ng iyong anak o ng menor de edad.

3. Pagrepaso ng mga panukala ng investment manager.

4. Pagpili ng isang external investment manager.

5. Palagiang pagsubaybay ng mga investment portfolio at mga resulta.

6. Isang taunang pagrepaso ng Investment Policy Statement ng iyong anak o menor de edad na gagawin mo at ng iyong PGT Trustee Investment Manager.

Pagdadamay sa Pamilya

Kung ang pinakaangkop na mapagpipilian ay isang external investment manager, ikaw ay dapat na kasangkot sa proseso.

Maaaring kabilang dito ang input ng isang Investment Policy Statement at pagpili ng pinakaangkop na external investment manager.

Mga Pag-uulat at Resulta ng Investment

Lahat ng PGT trust fund na ito ng mga bata o menor de edad ay pinamamahalaan ng isang external investment manager na sumasailalim sa regular na pag-uulat ng holdings, resulta ng mga transaksyon at investment. Ang mga kinalabasan ng isang portfolio ang regular na sukatan kung ang mga itinakdang layunin sa Investment Policy Statement ay tiyak na natutugunan.

Malakihang mga Pagbili – Bahay

Minsan ang mga pamilya ay kailangang magpaayos ng kanilang mga tirahan - o kaya ay lumipat sa isang mas naaangkop na bahay - upang maibigay ang angkop na pisikal na kapaligiran para sa kanilang malubhang napinsala na anak o menor de edad.

Sa mga desisyon para sa tirahan ay maaaring may kasangkot na malaking paggasta mula sa trust fund ng iyong anak o menor de edad at maraming mga dahilan ang kailangang isaalang-alang bago makapaglabas ng pondo.

Maaaring kabilang dito ang:

- mga kautusan ng hukuman o mga dahilan para sa paghatol na kaugnay ng isyu
- ang orihinal na layunin para sa paggamit ng mga pondo
- ang kalusugan at kaligtasan ng iyong anak o ng menor de edad
- ang pangkatawan at pandamdaming mga benepisyo sa iyong anak o menor de edad
- ang kasalukuyan at inaasahang kakayahan ng iyong anak o ng menor de edad
- mga rekomendasyon ng kasangkot na mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan
- pinansyal na sitwasyon ng pamilya at iba pang mga sirkumstansya
- pinansyal na sitwasyon ng iyong anak o ng menor de edad at kakayahan nitong matugunan ang patuloy na pangangailangan mula sa trust
- halaga at mga benepisyo ng pagbili sa bahay kung ihahambing sa pag-upa o pagpapaayos sa umiiral na tirahan.

Kung tinutukoy sa trust fund na maaaring gamitin sa pagpapaayos o mag-aambag para sa pagbili ng isang tirahan, kakausapin ka ng iyong GTO sa mga pamamaraan at siya ay mananatiling kasangkot sa buong proseso ng pagbili o pagkukumpuni.

Malakihang mga Pagbili – Mga Sasakyan

Minsan ang mga pamilya ay nangangailangan ng isang espesyal na sasakyan para sa transportasyon ng kanilang anak o ng menor de edad at kagamitan tulad ng wheelchair.

Ang iyong GTO ay may karanasan sa pamimili ng ganitong uri ng mga sasakyan at maaaring magmungkahi ng mga sasakyan na naging kasiya-siya para sa ibang mga pamilya, o mga supplier na nagsasagawa ng modification o pag-aakma ng sasakyan.

Malamang na kabilang sa paksa ang mga isyung ito kapag nag-usap kayo ng iyong GTO.

Maaaring wala kang kagyat na pangangailangan, ngunit kung mayroon kang mga kinakailangan, ito ay isinasaalang-alang kapag ginawa na ang budget.

Anuman ang mga kinakailangang paggasta, ang aming layunin ay matulungan ka upang matiyak na ang pondo ng iyong anak o menor de edad ay nagagamit para matugunan ang kanyang patuloy na mga pangangailangan.

Pagsusuri ng mga Desisyon at mga Reklamo

Mga Reklamo

Kung anumang oras ay may pag-aalala ka tungkol sa klase ng mga serbisyong ibinibigay sa inyo, mangyaring tumawag sa 604.775.3480 at humiling na makausap ang isa sa mga manager o ang director sa Child and Youth Services. O kaya ay mag-email sa cys@trustee.bc.ca at humiling na ipadala ang iyong email sa isa sa mga manager o sa director.

Mga Desisyon

Kapag ikaw ay hindi nasiyahan sa naging desisyon, maaari kang humiling na repasuhin ang desisyon. Ang unang hakbang ay makipag-usap sa manager at pagkatapos ay sa director. Lahat ng mga detalye tungkol sa pormal na proseso ng pagrepaso ng PGT ay maaaring matagpuan sa www.trustee.bc.ca/feedback.html.

Kung hindi ka pa rin nasisiyahan pagkatapos ng proseso ng pagrepaso ng PGT, maaari mong ipaabot ang iyong reklamo sa Ombudsperson.

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Child & Youth Services
Public Guardian and Trustee
700-808 West Hastings Street,
Vancouver, BC V6C 3L3
Telepono: 604.775.3480
email: cys@trustee.bc.ca

www.trustee.bc.ca
email: webmail@trustee.bc.ca

Maaaring tumawag nang libre sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), humiling na makausap ang PGT (regular na oras ng opisina 8:30am-4:30pm, Lunes hanggang Biyernes).

Vancouver	604.660.2421
Victoria	250.387.6121
Sa ibang lugar	800.663.7867